



Tungkol sa Abnormal Fecal Immunochemical (FIT) Test

Ang isang abnormal na fecal immunochemical test (FIT) result ay nangangahulugan na may nakitang dugo sa sample ng dumi (stool) na isinumite. Ang mga abnormal na FIT result ay karaniwan at hindi nangangahulugan na mayroon kang cancer.

Sa karaniwan, labinlimang porsyento ng mga taong na-screen sa FIT ay magkakaroon ng abnormal na resulta at mangangailangan ng karagdagang mga test. Pero hindi ito nangangahulugan na may cancer na natuklasan – mahigit 96 na porsyento ng mga taong may abnormal FIT result ay hindi magkakaroon ng cancer.

Ang ilang mga tao na abnormal ang resulta ng FIT ay maaaring may polyps. Ang polyps ay mga benign growth na maaaring tumubo sa colon o rectum, kadalasang walang mga sintomas. Karamihan sa polyps ay hindi nagiging cancer, at kung maging cancer man ay maraming mga taon ang daraan bago ito mag-transition, kaya ang mga tao na nasa edad na 50 hanggang 74 ay dapat regular na ma-screen.

Ano ang nagiging sanhi ng abnormal na resulta?

Ang FIT ay isang screening test na kung saan ay maaaring makita ang dugo sa dumi. Ang FIT ay hindi isang diagnostic test. Nangangahulugan ito na habang ang FIT ay maaaring

makakita ng isang palatandaan ng cancer (dugo sa dumi), hindi ito maaaring gamitin upang mag-diagnose ng cancer. Bukod pa dito, ang dami ng dugo na naroroon sa dumi (o FIT value) ay hindi maaaring gamitin upang i-diagnose ang isang partikular na kondisyon. Ang isang mas mataas na FIT value ay hindi nangangahulugan na may cancer ka.

Ang isang abnormal na FIT result ay nangangahulugan lamang na may dugo na natagpuan sa sample ng dumi na isinumite mo. Ang maaari lamang ipahiwatig ng FIT sa atin ay maaaring may dumudugo sa ibabang bahagi ng iyong digestive tract. Hindi nito masasabi sa atin kung aling bahagi o kung bakit.

Maaaring may iba't ibang mga dahilan kung bakit mayroong dugo sa iyong dumi, kabilang ang almuranas o hemorrhoids (minsang ay di-masakit o nasa loob), mga ulcers, anal fissures, diverticular disease, o pamamaga.

Kung mayroon kang abnormal na FIT result, mahalagang dumalo ka sa lahat ng mga follow-up appointment upang malaman kung bakit may abnormal na resulta.

Ano ang mangyayari pagkatapos ng isang abnormal FIT result?

Matapos mong matanggap ang iyong abnormal FIT result sa koreo, kokontakin ka ng isang patient coordinator. Ang patient coordinator ay isang nurse na nagtatrabaho sa iyong lokal na awtoridad sa kalusugan. Siya ang maga-assess ng iyong kondisyon at magbu-book ng isang colonoscopy procedure kung naaangkop, o ipapaalam sa iyo kung kinakailangan mo ng iba pang pag-monitor o paggamot.

Ano ang dapat mong malaman:

- Ang isang abnormal na FIT result ay hindi nangangahulugan na mayroon kang cancer.
- Mahalagang dumalo sa lahat ng mga follow-up appointment para sa mga test o paggamot.
- Kung may natagpuang mga polyp na maaaring maging cancer, simple ang paggamot at lubos na epektibo.



Ano ba ang Colonoscopy?

Ang colonoscopy ay isang procedure o pamamaraan upang makita ng isang colonoscopist ang loob ng lining ng rectum at colon gamit ang isang espesyal na instrumento na tinatawag na colonoscope.

Ang colonoscope ay isang pleksibleng tube na may maliit na kamerang nakakabit sa isang dulo nito upang ang colonoscopist ay makakuha ng mga larawan at video sa iyong colon.

Habang isinasagawa ang colonoscopy, maaaring kumuha ng mga tissue samples at maaari ding tanggalin ang mga di-normal na tumutubong laman (abnormal growth).

Kontakin kami sa:

Colon Screening Program
801–686 West Broadway
Vancouver, BC V5Z1G1
screening@bccancer.bc.ca
www.screeningbc.ca/colon